フィリピノ語

# Wastong Paraan ng Pagtapon ng Basura mula sa Tahanan

**Wastong Paraan ng Pagtapon ng Basura mula sa Tahanan**
**Itapon nang hindi lalampas sa 8:30 n.u. sa araw ng pagkolekta**

**Kawanihan ng Kapaligiran ng Lungsod ng Hiroshima**

| 可燃ごみ | ペットボトル | リサイクルプラ | その他プラ | 不燃ごみ | 資源ごみ | 有害ごみ | 大型ごみ（有料） |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Nasusunog na basura | PET bottle | Plastik na maaaring i-recycle | Iba pang plastik | Hindi nasusunog na basura | Maaaring i-recycle na basura | Nakapipinsalang basura | Malalaking basura (may bayad) |

| Uri ng Basura: Nasusunog na basura | Araw ng Pagkolekta: 2 araw sa isang linggo | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng maaaring itapong bagay | Paraan ng pagtapon ng basura |
|---|---|---|---|---|
| 可燃ごみ | **2 araw / linggo**<br><br>(*) Magkakaiba ang araw ng pagkolekta ayon sa pook na inyong tinitirahan<br>Paki-check sa inyong lugar. | Basura mula sa kusina<br><br>Hindi maaaring i-recycle na basurang papel<br><br>Pira-pirasong kahoy, putol na sanga<br><br>Iba pa | Basurang pagkain, balat ng itlog, sea shell atbp.<br> Mga patpat, damo<br> Upos ng sigarilyo<br> Gamot, Plaster<br> Tissue, Carbon paper atbp.<br> Desiccant, Deoxidizer<br> Papel na lampin<br> Buhangin para sa pet<br>Dumi ng pet atbp.<br> Kutsong inuupuan *(zabuton)* at unang bulak ang laman | Ilagay sa matibay na papel o plastik na bag . (Huwag itapon sa kahong karton).<br>Itapon ang mga kahon ng matamis, direct mail at iba pang kasinlaki o mas malaki sa business card sa maaaring i-recycle na basura.<br>Hangga't maaari, gamitin ang kolektahan para sa pakete ng gatas sa mga supermarket atbp.<br>Tanggalin nang mabuti ang tubig mula sa basurang pagkain at balutin ito ng diyaryo atbp.<br>Ipasipsip ang mantikang panluto sa tela, diyaryo atbp.<br>Putulin nang 50 cm pababa ang haba, talian at itapon nang paunti-unti ang putol na sanga atbp. (Para lang sa punong 5 cm pababa ang lapad, at tuyong kahoy na 10 cm pababa ang lapad.)<br>Durugin ang dulo ng bagay na matalim ang dulo tulad ng pantuhog na yari sa kawayan atbp.<br>Basain ng tubig ang mga paputok at posporo bago itapon. |

| Uri ng Basura: PET bottle | Araw ng Pagkolekta: 1 araw sa isang linggo | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng maaaring itapong bagay | | Paraan ng pagtapon ng basura |
|---|---|---|---|---|---|
| | **1 beses / linggo**<br><br>(*) Magkakaiba ang araw ng pagkolekta ayon sa pook na inyong tinitirahan. Paki-check sa inyong lugar. | PET bottle<br> <br>* Ang tatak na ito ang palatandaan. | <br>Para sa inumin (juice, tsaa, kape, tubig atbp.), Para sa *sake, mirin,* suka, toyo, sabaw para sa noodles, non-oil dressing (itapon ang para sa hindi non-oil na dressing bilang "Plastik na maaaring i-recycle") | <br>Sa Plastik na maaaring i-recycle ang takip at label | **Ilagay sa walang kulay o halos walang kulay na plastik (vinyl) na supot.**<br>Ilagay sa plastik (vinyl) na supot na walang kulay o halos walang kulay upang madaling makita ang laman.<br>Siguraduhing gumamit ng bukod na supot para sa "Maaaring i-recycle na plastik."<br>Huwag ipagsama-sama sa malaking supot ang mga supot na pinaglagyan ng PET bottle.<br>Sa "Maaaring i-recycle na plastik" ang bote ng mantikang panluto, sauce, panlinis atbp.<br>**Tanggalin ang takip at label**, hugasan ng tubig at pigain. (Sa "Maaaring i-recycle na plastik" ang takip at label.) |
| Uri ng Basura: Plastik na maaaring i-recycle | | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng maaaring itapong bagay | | Paraan ng pagtapon ng basura |
| | | Plastik na lalagyan o pambalot<br> <br>* Ang tatak na ito ang palatandaan. | 【Mga Plastik na ginamit sa lalagyan o pambalot ng produkto】<br> <br>Mga supot, mga net<br> <br>Styrofoam na pambalutan, lalagyan<br> <br>Mga bote<br> <br>Saklob, takip, label na yari sa plastik<br> <br>Cellophane wrap na pantakip sa mga produkto tulad ng pagkain atbp.<br> <br>Mga cup (sa nasusunog na basura ang cup na yari sa papel)<br> <br>Mga tube<br> <br>Shopping bag atbp. | **Ilagay sa walang kulay o halos walang kulay na plastik (vinyl) na supot.**<br>Ilagay sa plastik (vinyl) na supot na walang kulay o halos walang kulay upang madaling makita ang laman. Siguraduhing gumamit ng bukod na supot para sa "PET bottle."<br>Huwag ipagsama-sama sa malaking supot ang mga supot na pinaglagyan ng plastik na maaaring i-recycle.<br>Tanggalin sa paghugas o iba pa ang mga nakadikit na bagay sa lalagyan ng pagkain.<br>Siguraduhing ubos ang laman ng mga lalagyang bote at tube, at tanggalin sa paghugas o iba pa ang mga nakadikit na bagay.<br>Para sa may takip at saklob, tanggalin ito bago itapon.<br>Hangga't maaari, gamitin ang kolektahan para sa food tray sa mga supermarket atbp. |

| Uri ng Basura: Iba pang plastik | Araw ng Pagkolekta: 2 beses sa isang buwan | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng maaaring itapong bagay | Paraan ng pagtapon ng basura |
|---|---|---|---|---|
| その他プラ | **2 beses / buwan**<br><br>(*) Magkakaiba ang araw ng pagkolekta ayon sa pook na inyong tinitirahan Paki-check sa inyong lugar. | Mga plastik na hindi lalagyan o pambalot | Bag na yari sa vinyl<br> Sapatos, tsinelas, sapatos na yari sa balat, botas<br> Stuffed toy, laruang yari sa plastik<br> Supot ng Cleaning<br> Video (cassette) tape, CD, DVD at case ng mga ito<br> Cellophane wrap (tanggalin ang rolyo sa gitna), sponge na ginamit sa tahanan<br>  Ink cartridge, stationery na yari sa plastik<br> Kutson/unang sponge ang laman<br> Hanger (yari sa plastik) | **Ilagay sa walang kulay o halos walang kulay na plastik (vinyl) na supot**<br>Ilagay sa plastik (vinyl) na supot na walang kulay o halos walang kulay upang madaling makita ang laman.<br>Putulin nang mga 30 cm ang mahabang bagay tulad ng mga sheet at hose. (Kung mahirap putulin, talian ng pisi o iba pa at itapon bilang "Hindi nasusunog na basura.")<br>Itapon bilang "Hindi nasusunog na basura" ang mga laruan at stuffed toy na may parting makina.<br>Itapon sa "Nasusunog na basura" ang hanger na yari sa kahoy, at sa "Hindi nasusunog na basura" ang hanger na yari sa metal. |

| Uri ng Basura: Hindi nasusunog na basura | Araw ng Pagkolekta: 2 beses sa isang buwan | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng maaaring itapong bagay | Paraan ng pagtapon ng basura |
|---|---|---|---|---|
| 不燃ごみ | **2 beses / buwan**<br><br>(*) Magkakaiba ang araw ng pagkolekta ayon sa pook na inyong tinitirahan Paki-check sa inyong lugar. | Mga seramika<br><br>Maliliit na produktong de-kuryente (Mga hindi kasama sa malalaking basura)<br><br>Iba pa | Bag na yari sa leather<br> Mga seramika<br> Malaputing bote ng kosmetiko at bote ng manicure<br> Heat-resistant glass<br> Bombilya, disposable pocket warmer, lighter (wala nang laman, sa bukod na supot)<br> Takip, saklob na yari sa metal<br> Mga aluminum foil<br> Ice pack<br> Pang-ahit<br> Payong, pot, relo<br> Plantsa, dryer at iba pang maliliit na produktong de-kuryente | Ilagay sa matibay na plastik (vinyl) na supot (liban sa supot ng sandbag).<br>Itapon nang paunti-unti hanggang 3 supot ng shopping bag ang lupa, buhangin at batong panlatag sa planter atbp.<br>Siguraduhing wala nang laman ang lighter para makaiwas sa sakuna ng sunog (ubusin, o tanggalan ng gas sa labas na mabuti ang daloy ng hangin), gumamit ng bukod na supot sa ibang hindi nasusunog na basura, at sulatan ng "Lighter" ang supot bago itapon.<br>Tanggalin ang baterya ng produktong de-kuryente bago itapon. (Nakapipinsalang basura ang baterya)<br>Talian ang vinyl sheet at vinyl hose (Kung maaari, putulin o gupitin nang mga 30 cm, at itapon bilang "Iba pang plastik.")<br>Mangyari lamang na gamitin ang kolektahan ng hindi na ginagamit na maliliit na produktong de-kuryente na nakalagay sa ward office atbp. (para lamang sa mailulusot sa butas (taas 15cm x lapad 30 cm x haba 40 cm). |

| Uri ng Basura: Maaaring i-recycle na baasura | Araw ng Pagkolekta: 2 beses sa isang buwan | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng maaaring itapong bagay | Paraan ng pagtapon ng basura |
|---|---|---|---|---|
| 資源ごみ | **2 beses / buwan**<br><br>(*) Magkakaiba ang araw ng pagkolekta ayon sa pook na inyong tinitirahan Paki-check sa inyong lugar. | Mga papel (Kasinlaki o mas malaki sa business card)<br><br>Mga tela<br><br>Mga metal<br><br>Mga salamin | Bag na yari sa tela<br> Diyaryo<br> Karton *(dambōru)*<br>  Kutsilyo (Balutin ng diyaryo atbp.)<br> Iba pang mga papel (libro, magasin, flyer, kahon ng matamis, direct mail at mga kasinlaki o mas malaki sa business card)<br> Lumang damit, kurtina atbp.<br> Basyong lata, 18 litrong lata *(ittokan),* kaldero, kawali, lata ng mantika, lata ng spray (ubusin o alisin ang laman sa labas na mabuti ang daloy ng hangin) atbp.<br> Bote, bubog ng salamin (tanggalin ang takip ng bote)<br> Bote ng kosmetiko (liban sa malaputing bote at bote ng manicure) | Talian at ipagsama-sama ang mga papel at Ilagay naman sa matibay na supot (liban sa supot ng sandbag) ang iba pang “Maaaring i-recycle na basura.”<br>Siguraduhing ubusin ang lata ng spray, alisin ang laman sa labas na mabuti ang daloy ng hangin. Makipagkonsulta sa manufacturer tungkol sa may natitira pang laman.<br>Siguraduhing gumamit ng bukod na supot para sa “Nakapipinsalang basura.”<br>Balutin ng diyaryo o iba pa ang kutsilyo, basag na salamin at iba pa, at sulatan ng “Mapanganib” *(Kiken).*<br>Hangga’t maaari, isauli ang mga boteng maaaring gamitin paulit-ulit tulad ng bote ng beer at 1.8 litrong bote *(isshōbin)* sa tindahan.<br>Tanggalin ang takip o saklob ng lata at bote, tanggalan ng laman at hugasan.<br>Hindi maaaring kolektahin ang may laman pang lata ng pintura at may laman pang lalagyan ng kemikal.<br>Sa lungsod ng Hiroshima, tinataguyod ang “Pangkatang Pagkolekta” para sa pagbabawas ng basura, pag-iwas sa pagkuha ng basurang maaaring i-recycle atbp. Magtanong lamang sa mga samahan ng residente kung nagsasagawa nito o hindi. Ipagtinda o ibigay sa ibang tao ang damit na maaari pang isuot upang muli itong magamit. |

| Uri ng Basura: Nakapipinsala ng Basura | Araw ng Pagkolekta: 2 beses sa isang buwan | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng maaaring itapong bagay | Paraan ng pagtapon ng basura |
|---|---|---|---|---|
| 有害ごみ | **2 beses / buwan**<br><br>(*) Magkakaiba ang araw ng pagkolekta ayon sa pook na inyong tinitirahan Paki-check sa inyong lugar. | Bateryang dry cell<br><br>Fluorescent tube<br><br>Thermometer |  Bateryang dry cell, bateryang hugis butones, fluorescent tube, thermometer (gumagamit ng mercury) atbp. | Ilagay sa bukod na supot sa “Basurang maaaring i-recycle,” at sulatan ng “Nakapipinsala” *(Yūgai)* ang plastik na supot (liban sa supot ng sandbag) bago itapon.<br>Itapon bilang “Hindi nasusunog na basura” ang thermometer na hindi gumagamit ng mercury.<br>Itapon bilang “Hindi nasusunog na basura” ang bombilyang LED at LED fluorescent tube. Itapon bilang “Nakapipinsalang basura” ang fluorescent tube anuman ang laki nito. Ipasok sa kahon o balutin ng diyaryo atbp. bago ilagay sa supot upang maiwasan ang pagsabog/pagtulo ng mercury kapag nabasag ang fluorescent tube. Kapag magtatapon ng basura, huwag itong ihagis kundi ingatan ang paghawak nito upang hindi mabasag. Lagyan ng tape ang dalawang panig ng bateryang hugis butones. |

| Uri ng Basura: Malalaking basura | Araw ng Pagkolekta: 2 beses sa isang buwan (Pagpapareserba) | Maaaring itapong bagay | Halimbawa ng maaaring itapong bagay | Paraan ng pagtapon ng basura |
|---|---|---|---|---|
| 大型ごみ（有料） | **2 beses / buwan**<br>**Pagpapareserba**<br><br>(*) Magkakaiba ang araw ng pagkolekta ayon sa pook na inyong tinitirahan Paki-check sa inyong lugar. | Mga kasangkapang sakop sa<br><br>Batas hinggil sa Pag-recycle ng mga Home Appliance<br><br>Home appliance<br><br>Muwebles<br><br>Mga gamit sa tulugan<br><br>Iba pa | <br>Mga kasangkapang sakop sa Batas hinggil sa Pag-recycle ng mga Home Appliance (aircon, telebisyon, refrigerator/freezer, washing machine/ clothes dryer)<br><br> <br>Quilt *(futon)*, cabinet *(tansu)*, mesa, plastik na lalagyan ng kerosene, bisikleta atbp.<br>*Sukatin muna ang laki (lapad at taas kapag tiningnan mula sa harapan) ng cabinet para sa sapatos *(getabako)*, cabinet para sa mga gamit sa pagkain *(shokki-dana)*, cabinet at iba pa bago magpareserba.<br><br> <br>Vacuum cleaner, Microwave oven atbp.<br><br>**Kahulugan ng Malalaking Basura**<br>● 30 cm pataas ang lapad o haba ng pinakamahabang gilid<br>● 1 m pataas ang pinakamahabang gilid ng silindro<br>● 1 m pataas ang pinakamahabang gilid ng madaling mayuping tabla<br>● Lahat ng kasangkapang sakop sa Batas hinggil sa Pag-recycle ng mga Home Appliance | **2 beses/buwan (pagpapareserba)**<br>Kailangang magpareserba sa “Sentro ng Tanggapan para sa Malalaking Basura” kung magtatapon ng malalaking basura (may bayad). <Magpareserba bago bumili ng tiket ng kabayaran (sticker).><br>Telepono: 0570-082530<br>Oras ng Tanggapan : Mula 9:00 hanggang 18:00<br>Sarado ang Sentro ng Tanggapan : Sabado, Linggo, Pista Opisyal, Agosto 6, Disyembre 29 – Enero 3<br>Huling Araw ng Pagreserba : Hindi lalampas sa 3 araw bago ng araw ng pagkolekta. (Bilangin nang hindi kasama ang araw na sarado ang sentro ng tanggapan.)<br>Maaari ring magpareserba sa internet mula sa homepage ng lungsod ng Hiroshima. (Hindi lalampas sa 5 araw bago ng araw ng pagkolekta ang huling araw ng pagreserba. Bilangin nang hindi kasama ang araw na sarado ang sentro ng tanggapan.)<br>Kung magtatapon ng kasangkapang sakop sa Batas hinggil sa Pag-recycle ng mga Home Appliance (aircon, telebisyon, refrigerator/ freezer, washing machine/clothes dryer), bukod sa tiket ng kabayaran ng lungsod, kailangan ding magpadala ng bayad para sa pag-recycle sa tanggapan ng post office/Japan Post bank, at bumili ng “Tiket para sa Pag-recycle ng Home Appliance”.<br>Hindi kinokolekta sa lungsod ang lahat ng personal computer (PC) at display para sa PC. Mag-apply sa manufacturer o sa PC3R Promotion Association para sa pagkolekta ng hindi na kailangang PC sa inyong tahanan. Maaari ring gamitin ang kolektahan ng maliliit na produktong de-kuryente depende sa laki.<br><br>PC3R Promotion Association<br>Telepono: 03-5282-7685<br>Homepage http://www.pc3r.jp/ |
| Magpareserba sa Sentro ng Tanggapan para sa Malalaking Basura.<br>TEL : 0570-082530<br>**Mangyaring maglaan ng oras kapag magpapareserba dahil maraming tumatawag sa Sentro ng Tanggapan para sa Malalaking Basura kapag sumunod na araw sa Linggo, pista opisyal o iba pa.** | | | | |

## Para sa mga katanungan tungkol sa paraan ng pagtapon ng basura, pagtalaga/pagbabago sa lugar na pagtatapunan ng basura atbp

| Seksyon | Kinaroroonan | Telepono | FAX | Distritong sakop |
|---|---|---|---|---|
| Tanggapang Pangkapaligiran ng Naka | 1-5-1 Minamiyoshijima, Naka-ku | 241-0779 | 241-1407 | Naka ward, Higashi ward |
| Tanggapang Pangkapaligiran ng Minami | 3-17-2 Shinonome, Minami-ku | 286-9790 | 286-9791 | Minami ward |
| Tanggapang Pangkapaligiran ng Nishi | 7-7-1 Shōkō Center, Nishi-ku | 277-6404 | 277-6406 | Nishi ward |
| Tanggapang Pangkapaligiran ng Asaminami | 4-4013-1 Tomokita, Asaminami-ku | 848-3320 | 848-4411 | Asaminami ward |
| Tanggapang Pangkapaligiran ng Asakita | 1471-8 Ōaza Nakashima, Kabe-chō, Asakita-ku | 814-7884 | 814-7894 | Asakita ward |
| Tanggapang Pangkapaligiran ng Aki | 2-3-18 Yanoshinmachi, Aki-ku | 884-0322 | 884-0324 | Aki ward |
| Tanggapang Pangkapaligiran ng Saeki | 1-4-48 Kairōen, Saeki-ku | 922-9211 | 922-9221 | Saeki ward |

## Mga basurang hindi kinokolekta sa lungsod

| | | | |
|---|---|---|---|
| Minsanang maramihang basura | Dalhin mismo o sa mangangalakal na may pahintulot | ■ Maramihang basura mula sa paglipat-bahay, mga puno sa bakurang pinutulan ng sanga, pagbago ng kasangkapan atbp. | Dalhin ninyo mismo sa pasilidad ng pagbasura na itinalaga ng lungsod ayon sa kinauukulang paghihiwalay ng basura, o hilingin ang pagkolekta sa mangangalakal na tumanggap ng pahintulot ng lungsod.<br>(*) Mayroong bagay na hindi maaaring dalhin sa pasilidad ng lungsod tulad ng duming pang-industriya. Mangyaring tiyakin muna sa lugar na pagdadalhan. |
| Basura mula sa negosyo | | ■ Basurang kaugnay sa gawain sa negosyo (opisina, tindahan, pagawaan atbp.) | |
| Iba pa | Sa tindahang pinagbilihan o sa manufacturer | ■ Motorsiklo (kasama ang scooter), farm tractor, kotse, scrapped FRP boat, gulong ng kotse, bagay na maaaring lumiyab o sumabog (gunpowder, mga silindro ng gas, hindi pa ginagamit na pamatay ng apoy, mga langis, mga baterya atbp), bagay na may lason (kemikal sa pagsasaka at iba pang mga kemikal), septic tank, fire-resistant safe, piano (liban sa de-kuryenteng piano), PC (main frame at display), at iba pa | |

## Ukol sa malalaking basura

Paghiling ng pagkolekta (pagreserba) Sentro ng Tanggapan para sa Malalaking Basura

| | |
|---|---|
| TEL : | 0570-082530<br>(Maaari ring magpareserba sa internet.) |
| Oras ng tanggapan: | Lunes hanggang Biyernes 9:00~18:00 |
| Sarado: | Sabado, Linggo, Pista opisyal at araw ng pahinga, Agosto 6, katapusan at simula ng taon (Disyembre 29 ~ Enero 3) |
| Huling araw ng pagreserba: | Hindi lalampas sa 3 araw bago ng araw ng pagkolekta (Hindi lalampas sa 5 araw bago ng araw ng pagkolekta)<br>Bilangin ang 3 araw o 5 araw nang hindi kasama ang araw na sarado ang sentro ng tanggapan. |

Maaari ninyong direktang dalhin ang malalaking basura mula sa tahanan sa loob ng lungsod ng Hiroshima sa pasilidad na nagpoproseso ng pagdurog ng malalaking basura sa planta ng Asaminami. (Hindi kailangang magpareserba / Walang bayad ang pagpoproseso)

Para sa mga taong hindi kayang buhatin ang malalaking basura sa takdang lugar dahil nakatira nang mag-isa o iba pa, nagbibigay ng suporta sa pagbuhat palabas ng malalaking basura mula sa loob ng tirahan.

## Iba pa

Ipinagbabawal sa batas ang magsunog ng sariling basura, ang usok at ang amoy nito ay nakakaistorbo sa kalapit bahay o kapaligiran.
Hindi maganda ang maidudulot ng usok nito sa mga labadang nakasampay, papasok ang usok sa loon ng mga nakabukas na bintana, maaring pumasok din ang duming dulot nito sa loob ng ibang bahay.

Ang pagtatambak ng basura ay labag sa batas at itinuturing itong isang krimen. Ito ay hindi lang nakakasagabal sa nasasakupang lugar kundi ito ay masama din sa kalusugan ng mga nasasakupan.